



## Neighbourhood Small Grants

### 2020 na Aplikasyon para sa Neighbourhood Small Grants

Ang Neighbourhood Small Grants (NSG) program ay sinusuportahan ang mga tao na nais gawing mas mabuting lugar ang kanilang mga komunidad upang mabuhay. Ang aming mga grant ay mula sa \$50 hanggang \$500. Ang grant ay perang ibinibigay namin sa inyo upang bigyang buhay ang inyong proyekto.

**Kung kayo ay may magagamit na computer at e-mail, hinihikayat namin kayong mag-apply online sa <http://neighbourhoodsmallgrants.ca>.**

Ang deadline upang mag-apply para sa mga komunidad ng Metro Vancouver **maliban sa Westside Vancouver** ay **ika-9 ng Abril**. Ang deadline upang mag-apply para sa **Westside Vancouver** ay **ika-6 ng Abril**.

**Ang mga prinsipyo na pumapatnubay sa Neighbourhood Small Grants program ay:**

**Ang sino man ay may likas na talino:** ang bawat isa ay maaaring mag-alok ng kanilang mga ideya, talento, skills, karanasan at mga kontak upang maitayo ang isang malakas na komunidad

**Maliit ngunit mabisà:** Ang maliit na halaga ng pera ay maaring magresulta sa isang makabuluhang pagbabago sa komunidad sa mga anyo ng bagong relasyon, karagdang tiwala sa sarili, pag-unlad ng pamumuno, pakiramdam na mas kasali ka sa lugar at paglikha ng mga lokal na tradisyon

**Pinakamainam ang mga lokal na pagpapasya:** ang mga miyembro ng komunidad mula sa iba't ibang background at karanasan ay nagkakaroon ng pagkakataon upang gumawa ng mga pasya kung sino ang dapat makakuha ng grants sa kanilang komunidad

**Mahalaga ang lugar na ating tinitirhan:** ang mga grant ay nagbibigay-daan sa sino man upang makipagtulungan sa kanilang mga kapitbahay at makalikha ng isang proyekto na maaari nilang maisagawa sa lugar na kanilang tinitirhan at batay sa paniniwala nilang makakatulong ito sa kanilang komunidad

**Matututo tayo nang sama-sama:** Walang natatanging tamang paraan upang maitaguyod ang komunidad kaya sinomang kasali sa programa ay magkakaroon ng maraming pagkakataon upang matuto, magbahagi, mag-reflect o magmuni-muni, makipagpalitan at makakuha ng kaalaman, skills at impormasyon na magagamit nila habang nasa programa at pagkatapos ng programa.

**Inaanyayahan ang lahat:** ang programa ay bukás para sa sinomang naninirahan sa isang NSG area anuman ang kanilang edad, lahi, kita, kultura, kasarian, abilidad at sekswal na oryentasyon

**Sino ang maaaring mag-apply?**

- Ang mga proyekto ay dapat isagawa sa isang komunidad na nasasaklawan ng NSG program.
- Ang bawat proyekto ng NSG ay dapat na may dalawang aplikante. Ang dalawang aplikanteng ito ay dapat na naninirahan sa parehong komunidad ngunit magkaiba ang address ng tirahan.
- Ang mga proyekto ay dapat na gawin sa lugar ng iyong sariling kapitbahayan.
- Maaari kang mag-apply sa NSG para sa **isang** proyekto lamang at para sa isang komunidad lamang sa bawat taon.
- Ang mga rehistradong organisasyon at mga negosyo ay hindi nararapat na mag-apply.
- Hindi kinakailangan na may dati nang ugnayan sa isang organisasyon sa komunidad.

**Anong impormasyon ang kailangan mong malaman tungkol sa NSG?**

- Kinakailangang walang bayad upang dumalo at makalahok sa iyong proyekto. Hinihikayat namin ang mga aplikasyon para sa mga proyektong maaaring gamitin ng mga taong may kapansanan at lahat ng tao.
- Hindi ka maaaring mag-fundraising para sa iba pang proyekto at/o mga organisasyon sa panahon ng iyong event. Ganunpaman hinihikayat ka namin na humingi ng mga donasyon o mga regalo mula sa mga lokal na negosyo bilang karagdagang suporta sa iyong proyekto.
- Ang mga proyektong nangangailangan ng malaking kapital tulad ng pagtatayo at pagmimintina ng mga pampublikong ari-arian gaya ng playground o pagbili ng mga kagamitan tulad ng computers ay hindi kwalipikadong mag-apply
- Ang mga proyektong may kinalaman sa psychotherapy at counseling ay hindi nararapat na mag-apply.
- Dapat mong simulan ang iyong proyekto matapos na aprubahan ang grant. Ang pagsuporta sa proyekto ay hindi retroactive o walang bisa sa nakaraan.
- Habang ang ilang mga proyekto ay maaaring magpatuloy sa buong taon, inaasahan na ang pondong ibinigay sa iyo ng NSG ay nagamit na pagsapit ng ika-30 ng Nobyembre.

**Ano ang kailangan mong malaman tungkol sa pag-estimate ng mga gastos sa iyong proyekto?**

- Ang mga hinihiling na grant para sa mga proyekto ay inaasahang hindi bababa sa \$500. Ganunpaman, ang mga aplikasyon na nagpapakita ng natatangi at mapanlikhang paraan na tumutugon sa mga layunin ng NSG ay maaaring isaalang-alang para sa karagdagang pagpopondo.
- Hindi ka maaaring tumubo ng pera mula sa iyong proyekto. Ang perang grant ay maaaring gamitin upang bayaran ang mga tao para sa kanilang serbisyo (tinatawag na honorarium) upang makatulong sa proyekto. Halimbawa, maaaring isang karpintero o face painter. Ang (mga) kabuuang honorarium ay hindi maaaring humigit sa \$100 bawat proyekto. Pananagutan mong ipunin ang mga resibo at mga kuwenta ng gastos mo sa proyekto.

**Ano ang dapat mong malaman kapag gumagamit ka ng isang pampublikong lugar (hal., isang kalye sa kapitbahayan o parke) para sa iyong proyekto?**

- Ang mga proyektong isinasagawa sa mga kalye sa kapitbahayan o mga pampublikong lugar at / o mga parke ay dapat sumunod sa mga batas ng munisipalidad at mayroon tamang pahintulot.
- Dapat kang kumuha ng liability insurance (o seguro laban sa mga sagutin sa pinsala) bago ang petsa ng pagsimula ng iyong proyekto.
- Para sa karagdagang impormasyon mangyaring bisitahin ang website ng local municipality mo o tumawag sa iyong municipal information line.

**Ano ang kailangan mong malaman kapag nagsasagawa ng iyong proyekto?**

- Inaasahang matugunan ng iyong proyekto ang isa o higit pang mga prinsipyo at layunin ng NSG program. Ang dapat pangunahing tuon nito ay ang pagbubuo ng ugnayan sa pagitan ng magkakapitbahay at upang madagdagan ang paglahok ng mga miyembro sa kanilang komunidad.
- Ang proyekto mo ay kinakailangan isagawa sa iyong kapitbahayan o sa komunidad kung saan naiproseso ang iyong aplikasyon.
- Ang mga festival-style na event ay inaasahang naka-focus sa isang partikular na kapitbahayan o komunidad na may 100 hanggang 300 tao na dadalo. Ang mga proyektong bahagi ng mga festival ay dapat magkaroon ng isang aktibidad na makakatulong sa mga residente na madibelo o mapalakas ang ugnayan nila sa isa't isa.

**Ano ang dapat mong gawin pagkatapos na matanggap ang perang grant?**

- Upang makatulong sa mga aplikante sa darating na panahon, mangyaring idokumento ang iyong proyekto na may kasamang mga litrato, video o sa pamamagitan ng pagsulat ng buod ng inyong kaganapan/event. Ibahagi ang mga ito sa iyong NSG Coordinator at isumite din ito sa website ng program sa: [neighbourhoodsmallgrants.ca](http://neighbourhoodsmallgrants.ca)

- Ang mga namumuno sa Proyekto ay inaasahang dumalo sa NSG Celebration na ginaganap tuwing fall. Maaaring hilingin sa iyo na magbahagi ka ng karanasan mo ukol sa iyong proyekto para sa ibang dadalo.
- Dapat na may pagkilala sa Vancouver Foundation/sa iyong local foundation at sa iyong organisasyong pangkomunidad sa pamamagitan ng pagpapakita ng mga naaangkop na logo nila sa mga poster ng kaganapan o iba pang mga promosyonal na materyales ng proyekto.
- Pagkatapos na makumpleto ang iyong proyekto, dapat kang magsumite ng isang ulat ng pagtatasa ng iyong proyekto sa NSG Coordinator. Ang iyong NSG Coordinator ay magbibigay ng karagdagang mga tagubilin kapag malapit na ang petsa ng pagtatapos ng proyekto. Kailangan mong isauli ang anumang mga hindi nagastos na perang grant sa iyong NSG Coordinator.

### Ika-1 bahagi: Impormasyon ukol sa Aplikante

Dapat na hindi bababa sa dalawang aplikante na nakatira sa parehong komunidad ang kinakailangan para sa bawat aplikasyon sa proyekto. Ang tao na magpupuno ng application form ay tinutukoy bilang 'main' applicant. Ang ikalawang tao ay ang 'co-applicant'.

Impormasyon ng Main applicant sa ibaba		Impormasyon ng Co-applicant sa ibaba	
Legal na Pangalan:		Legal na Pangalan:	
Address:		Address:	
City:	Postal code:	City:	Postal code:
Telepono:	Email:	Telepono:	Email:
<p><b>Ang partner organization kung ang tseke ay ibibigay sa ngalan ng (mga) aplikante:</b> Sa ilang pagkakataon, ang perang grant ay ibinibigay sa mga organisasyong sumusuporta sa mga aplikante. Kung hindi ito naaangkop sa iyo, mangyaring laktawan ang tanong na ito.</p>			
Organisasyon:			
Kontak na Staff:		Numero ng telepono:	

1. Nakapag-apply ka na ba dati ng grant sa Neighbourhood Small Grants program? <input type="radio"/> Oo <input type="radio"/> Hindi	2. Kung Oo, ilan taon kang nakatanggap ng pondo? <input type="checkbox"/> 1 taon <input type="checkbox"/> 2 taon <input type="checkbox"/> 3 taon o mahigit pa
3. Nag-a-apply ka ba para sa isang proyektong pinondohan na noong mga nakaraang taon? O ito ba ay isang bagong ideya? <input type="radio"/> Pinondohan noong nakaraang taon <input type="radio"/> Bagong ideya	
4. Kung ang iyong proyekto ay pinondohan na noong nakaraan, mangyaring ilarawan kung bakit kailangan uling gawin ang proyekto. Paano palalawakin ang proyekto ngayong taon, mga pagbabago at idinagdag o pagkakaiba nito kaysa sa mga nakaraang taon?	

### Ika-2 bahagi: Mga detalye ukol sa iyong proyekto

5. Ano ang pangalan ng iyong proyekto? Mangyaring magbigay ng maikling paglalarawan ukol dito.

6. Anong mga uri ng proyekto ang iyong inaaplayan? Kung pinili mo ang "iba pa", mangyaring ilarawan ito.

- Isang block party
- Vertical community (high rise at apartment building) na mga kaganapan
- Paglilinis sa kapaligiran ng kapitbahayan
- Mga pagpupulong sa komunidad
- Kalusugan at kabutihan/ well being
- Neighbourhood safety
- Mga aktibidad ng suporta/o caring circle na hindi kasama ang psychotherapy o counseling
- Intergenerational connections
- Sports at recreation
- Mga sining o arte
- Mga aktibidad na pangkultura
- Kasiguruhan sa pagkain (pagtanim ng gulay, canning at pagluluto)
- Environmental at green focused
- Pagbabahagi ng kaalaman/resources (clothing swaps o pag-aaral kung paano magluto)
- Pagpapahalaga sa kasaysayan ng komunidad at mga tour
- Iba pa (mangyaring tukuyin) \_\_\_\_\_

7. Mangyaring ilarawan ang iyong proyekto nang maraming detalye hangga't maaari. Sa seksyong ito sabihin mo sa amin ang iyong ideya at vision. Paano malilikha ng iyong proyekto ang ugnayan sa pagitan ng mga magkakapitbahay at maisasali ang mga taong naninirahan sa iyong komunidad?

8. Kami ay naglaan ng maliit na porsyento ng granting money para sa dalawang priority area sa ibaba. Mangyaring ipahayag kung ang iyong proyekto ay naka-focus sa alinman sa mga priority area sa ibaba.

**Tandaan: Kung ang iyong proyekto ay hindi naka-focus sa mga priority area sa ibaba, mangyaring laktawan ang tanong na ito.**

- Pag-aaral at pag-unawa sa mga Indigenous at hindi Indigenous cross-culture
- (Ang salitang "Indigenous" o "Katutubo" ay tumutukoy sa First Nations, mga Inuit at Métis na tao nang sama-sama)
- Mga proyekto na pinamunuan ng kabataan at naka-focus sa kabataan (18-24 taon gulang)

Mangyaring ipahayag sa ibaba kung ikaw ay

- kabataan (18-24 taon gulang)
- tinutukoy bilang indigenous (First Nations, Métis, Inuit, iba pa)

9. Mga Layunin ng Programa ng NSG

- Makipag-ugnayan at mapalahok ang mga kapitbahay
- Makapagbahagi ng mga skills at kaalaman
- Madagdagan ang pakiramdam na kasali o kabilang ka
- Makapag-ambag sa isang komunidad sa positibong paraan
- Ipagdiwang at ipagmalaki ang pagkakaiba-iba o diversity ng iyong komunidad

10. Paano natutugunan ng iyong proyekto ang isa o higit pang mga layunin ng programa na nabanggit sa itaas? (Ang iyong proyekto ay hindi kailangang matugunan ang lahat ng mga layunin upang isasaalang-alang o mapili ka.)

11. Kailan isasagawa ang iyong proyekto at / o gaganapin? Maging ispesipiko hangga't maaari:

12. Saan isasagawa ang iyong proyekto/ o gaganapin?

13. Humigit-kumulang gaano karaming tao ang lalahok o direktang makikinabang sa iyong proyekto?

- 5 tao o mas kaunti
- 6-10 tao
- 11-20 tao
- 20-50 tao
- 51-100 tao
- Mahigit sa 100 tao

14. Saan mo nabalitaan ang tungkol sa Neighbourhood Small Grants program? (Lagyan ng tsek ang lahat ng naaangkop)

- Sa lokal na organisasyon sa komunidad
- Sa kapitbahay
- Nakita sa isang Poster/Brochure
- Sa Website
- Sa Social Media
- Sa isang Miyembro ng Neighbourhood Grants Committee
- Iba pa \_\_\_\_\_

15. Paano mo itataguyod ang proyekto, mahihikayat at / o maisasali ang mga tao sa komunidad? Magbigay ng maraming detalye hangga't maaari.

**Ika-3 bahagi: Badyet:** Mangyaring magbigay ng detalyadong listahan ng mga gagastusin sa iyong proyekto. Ang layunin ng grant ay upang makatulong sa mga bayarin at gastos na kaugnay ng iyong proyekto tulad ng space rental, pagkain, mga permit fee, liability insurance, materyales at honorarium. Ang honorarium ay isang maliit na fee na ibabayad sa isang tao para sa kanilang mga kasanayan/skills o mga kaalaman. Mga halimbawa: opening/welcome mula sa isang Indigenous Elder, o isang kasanayan na ibinahagi ng artist. Ang kabuuang halaga ng (mga) honorarium ay maaaring hindi hihigit sa **\$100 bawat proyekto.**

Uri/Deskripsyon	Halaga
Promotion (halimbawa: mga poster, flyers at ads)	
Mga materyales at kagamitan (mangyaring tandaan na hindi kasama ang pagbili ng malalaking kagamitan tulad ng mga computer)	
Pagkain	
Honorarium (Mangyaring tandaan na ang honorarium fees ay hindi maaaring humigit sa \$100)	
Mga Gastos sa Rental	
Permit fees (kung naaangkop)	
Liability insurance (kung naaangkop)	
<b>Iba pang mga gastos (Mangyaring tukuyin)</b>	
Kabuuang gastos sa iyong proyekto (Mangyaring isama ang mga halaga sa itaas)	
Magkano ang hinihingi mo mula sa NSA Program? (hindi maaaring humigit sa \$500)	
Anumang karagdagang suporta (kung naaangkop) Mga donasyon mula sa komunidad (Cash o materyales)	
Mga Sponsor	
Kung hindi mo natanggap ang buong halaga ng grant na hinihiling mo, paano mo babaguhin ang iyong proyekto?	

## Ika-4 na bahagi: Impormasyon tungkol sa mga aplikante ng grant

Ang sumusunod na mga katanungan ay kusang-loob. Ito ay nangangahulugan na **hindi mo kinakailangang sagutin ang mga ito**. Ganunpaman, ang iyong mga sagot ay mahalaga upang malaman kung naaabot namin ang iba't ibang komunidad na pinaglilingkuran namin. Ang impormasyon ay para sa aming paggamit lamang at ito ay kompidensiyal.

<b>Edad (mangyaring bilugan)</b> <ul style="list-style-type: none"> <li><input type="radio"/> 13-18</li> <li><input type="radio"/> 18-24</li> <li><input type="radio"/> 25-34</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li><input type="radio"/> 35-44</li> <li><input type="radio"/> 45-54</li> <li><input type="radio"/> 55-64</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li><input type="radio"/> 65-74</li> <li><input type="radio"/> 75 o mas matanda</li> </ul>
<b>Kasarian</b> <ul style="list-style-type: none"> <li><input type="radio"/> Lalaki</li> <li><input type="radio"/> Babae</li> <li><input type="radio"/> Iba pa</li> </ul>		
<b>Ipinanganak ka ba sa Canada?</b> <ul style="list-style-type: none"> <li><input type="radio"/> Oo</li> <li><input type="radio"/> Hindi</li> </ul>	<b>Tinutukoy mo ba ang iyong sarili bilang Indigenous/Katutubo?</b> <ul style="list-style-type: none"> <li><input type="radio"/> Oo</li> <li><input type="radio"/> Hindi</li> </ul> <b>Kung Oo, mangyaring sabihin ang iyong lahi:</b> <ul style="list-style-type: none"> <li><input type="radio"/> First Nations</li> <li><input type="radio"/> Métis</li> <li><input type="radio"/> Inuit</li> <li><input type="radio"/> Iba pa:</li> </ul>	
<b>Gaano ka na katagal na naninirahan sa iyong kasalukuyang komunidad?</b> <ul style="list-style-type: none"> <li><input type="radio"/> Wala pang isang taon</li> <li><input type="radio"/> 1-2 taon</li> <li><input type="radio"/> 3-4 taon</li> <li><input type="radio"/> 5-10 taon</li> <li><input type="radio"/> 10 taon o mahigit pa</li> </ul>	<b>Anong wika ang pinakamadali mong gamitin?</b> <ul style="list-style-type: none"> <li><input type="radio"/> English</li> <li><input type="radio"/> French</li> <li><input type="radio"/> Spanish</li> <li><input type="radio"/> Punjabi</li> <li><input type="radio"/> Chinese (Mandarin o Cantonese)</li> <li><input type="radio"/> Vietnamese</li> <li><input type="radio"/> Tagalog</li> <li><input type="radio"/> Indigenous Language</li> <li><input type="radio"/> Iba pa:</li> </ul>	
<b>Mangyaring piliin ang lahat ng naaangkop</b> <ul style="list-style-type: none"> <li><input type="radio"/> May-ari ng bahay</li> <li><input type="radio"/> Umuupa</li> <li><input type="radio"/> Nakatira sa supportive housing</li> <li><input type="radio"/> Nakatira sa co-op housing</li> <li><input type="radio"/> Pansamantalang naninirahan</li> <li><input type="radio"/> Kung hindi kabilang ang iyong sitwasyon sa paninirahan sa nakalista, mangyaring isulat ang gusto mong termino dito:</li> </ul>	<b>Anong uri ng tahanan ang tinitirhan mo?</b> <ul style="list-style-type: none"> <li><input type="radio"/> Single family house</li> <li><input type="radio"/> Town house</li> <li><input type="radio"/> Duplex</li> <li><input type="radio"/> Low/Mid-rise (2-6 floors)</li> <li><input type="radio"/> High-rise</li> <li><input type="radio"/> Basement suite</li> <li><input type="radio"/> Iba pa:</li> </ul>	

Salamat sa pagsusumite mo ng iyong aplikasyon para sa Neighbourhood Small Grant. Mangyaring gumawa at magtabi ng isang kopya ng iyong aplikasyon para sa iyong pagtatala. Malalaman mo ang katayuan ng iyong aplikasyon sa loob ng 6-8 linggo mula sa NSG Coordinator sa iyong lugar.